



Anchorage School District

Special Education, Medicaid

5530 East Northern Lights Blvd • Anchorage, AK 99504 • 907-742-6068 • asdk12.org
asdschoolbasedservicesmedicaidoffice@asdk12ak.onmicrosoft.com

TAUNANG ABISO SA MGA MAGULANG SA 2021-2022 Tungkol sa Pahintulot na Singilin ang Medicaid

Ang Anchorage School District (ASD, Distrito ng Paaralan ng Anchorage) ay nakikibahagi sa Alaska Medicaid School-Based Service (SBS Medicaid, Serbisyo ng Medicaid na Nakabase sa Paaralan) na programa. Tumutulong ang programang ito sa mga distrito ng paaralan ng Alaska sa pamamagitan ng pagbibigay ng bahagyang reimbursement para sa mga serbisyo ng Individual Education Program (IEP, Programa sa Indibidwal na Edukasyon) at/o Individual Family Service Plan (IFSP, Plano ng Serbisyo sa Indibidwal na Pamilya) na may medikal na kaugnayan. Natatanggap ng mga mag-aaral ng ASD ang mga kinakailangang serbisyo ng IEP o IFSP na ito nang walang gastos sa pamilya ng mag-aaral, anuman ang kanilang katayuan sa pagiging kwalipikado sa Medicaid.

Noong 2013, na-update ang Individuals with Disabilities Education Improvement Act (IDEA, Batas sa Pagpapahusay ng Edukasyon para sa Mga Indibidwal na may Mga Kapansanan) upang pahintulutan ang mga distrito ng paaralan na makakuha ng pang-isang beses na pahintulot ng magulang/tagapag-alaga upang ibunyag ang impormasyon mula sa talaan ng edukasyon ng isang bata sa mga panlabas na partido, tulad ng Alaska Medicaid, para ma-access ang mga pampublikong benepisyo o insurance ng isang bata sa unang pagkakataon. Bago makakuha ng pahintulot, at sa bawat taon mula rito, dapat ding magbigay ng nakasulat na abiso ang mga distrito ng paaralan na naaayon sa (IDEA) 34 CFR 300.154(d) at Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA, Batas sa Mga Karapatan sa Edukasyon at Privacy ng Pamilya).

Ang sumusunod ay ang mga pangunahing bahagi ng mga regulasyon para sa programa ng SBS Medicaid:

- Boluntaryo ang pagbibigay ng pahintulot. Kung tatanggi ang magulang na magbigay ng Pahintulot na Singilin ang Medicaid o binawi niya ang dating pahintulot, makakatanggap pa rin ang bata ng mga serbisyo sa kanyang IEP nang walang gastos sa magulang.
- Maaaring bawiin ang pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat sa anumang oras.
- Ang taunang nakasulat na abiso sa magulang/tagapag-alaga tungkol sa Pahintulot na Singilin ang Medicaid ay maaaring:
 - Ipadala sa pamamagitan ng mail sa mga magulang;
 - Ipadala sa email kung hiniling ng mga magulang, at kung naaayon sa mga patakaran ng Estado o ng pampublikong ahensiya; o
 - Ibigay sa isang pagpupulong ng Pangkat ng IEP kung ang pulong ay magaganap bago ang unang pagkakataon na ia-access ng ASD ang mga pampublikong benepisyo o insurance ng bata o magulang.
- Hindi maaaring gamitin ng ASD ang mga benepisyo ng bata kung ang paggamit na iyon ay:
 - Magpapababa sa panghabambuhay na available na saklaw o anumang iba pang naka-insure na benepisyo;
 - Magresulta sa pagbabayad ng pamilya sa mga serbisyo na sakop sana ng programa sa mga pampublikong benepisyo o insurance at kinakailangan sa panahong wala na ang bata sa paaralan;
 - Magpapataas sa mga premium o hahantong sa pagputol ng mga benepisyo o insurance; o
 - Magdadala ng panganib na mawala ang pagiging kwalipikado para sa mga waiver na nakabase sa tahanan at komunidad, batay sa mga pinagsama-samang gastos na may kinalaman sa kalusugan.
- Kasama sa mga serbisyo na maaaring ma-reimburse ang occupational therapy, physical therapy, mga serbisyo sa pananalitawika, mga serbisyo sa audiology, mga serbisyong sikolohikal, mga serbisyo sa nursing, at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Ang sulat na ito ay nagsisilbing iyong taunang abiso para sa taon ng paaralan na 2021-2022. Kung natanggap mo ang sulat na ito, may pahintulot sa talaan na nagpapahintulot sa ASD na isumite ang mga claim sa Alaska Medicaid para sa pag-reimburse ng mga kwalipikadong serbisyong ibinigay sa iyong anak alinsunod sa isang IEP o IFSP. Maaaring kabilang sa mga claim na isinusumite sa Alaska Medicaid ang personal na nakakapagpakilalang impormasyon na direktang naaangkop sa mga serbisyong ito.

Para sa mga tanong o alalahanin, o para kumuha ng kopya ng form ng pahintulot ng magulang, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng ASD Medicaid sa pamamagitan ng telepono, email, o mail gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa itaas.

Educating All Students for Success in Life

Anchorage School Board Margo Bellamy, President
Andy Holleman, Vice President Kelly Lessens, Treasurer
Carl Jacobs, Clerk Dave Donley

Pat Higgins
Dora Wilson

Superintendent Dr. Deena Bishop